Pangalan: ________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Kalikasan, Kaya Nating Alagaan

I. **Panuto:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Kinakailangang magsalita ang mga tao __________ pagkasira ng kalikasan.
   a. batay sa
   b. para sa
   c. para kay
   d. tungkol kay
2. ______ mga mananaliksik, matatagpuan ang bagong species na Rafflesia Philippensis sa Bundok Banahaw.
   a. Batay kina
   b. Ayon kina
   c. Ayon sa
   d. Ukol sa
3. _______ Dr. Ferdinand Recio, isang beterinaryo, dapat na iniuulat ang anumang pagmamalabis sa mga hayop.
   a. Ayon sa
   b. Para sa
   c. Ayon kay
   d. Para kay
4. __________ Republic Act 9147, ipinagbabawal ang pag-aalaga ng mga hayop mula sa kagubatan.
   a. Tungkol sa
   b. Para sa
   c. Laban sa
   d. Batay sa
5. Si Dr. Leonard Co, isang botanist, ay naglaan ng kaniyang kaalaman____ pangangalaga ng mga halaman sa kabundukan.
   a. para sa
   b. para kay
   c. laban sa
   d. laban kay
6. Alin sa sumusunod ang hindi nabibilang sa pang-ukol na ginagamit para sa pangngalang pambalana?
   a. Ayon sa mga
   b. Ayon sa
   c. Para sa
   d. Para kay
7. Alin sa sumusunod ang nabibilang sa pang-ukol na ginagamit para sa pangngalang pantangi?
   a. Alinsunod kina
   b. Alinsunod sa
   c. Tungkol sa
   d. Laban sa mga
8. Alin sa mga pangungusap ang gumagamit ng wastong pang-ukol?
   a. Batay kina Dr. Ferdinand Recio at Dr. Leonard Co, mabuting pangalagaan ang kalikasan habang maaga pa.
   b. Batay kay Dr. Ferdinand Recio at Dr. Leonard Co, mabuting pangalagaan ang kalikasan habang maaga pa.
   c. Batay sa Dr. Ferdinand Recio at Dr. Leonard Co, mabuting pangalagaan ang kalikasan habang maaga pa.
   d. Batay sa mga Dr. Ferdinand Recio at Dr. Leonard Co, mabuting pangalagaan ang kalikasan habang maaga pa.
9. Tukuyin ang wastong pang-ukol na bubuo sa pangungusap. ____ mga eksperto, kung hindi aalagaan ang kalikasan ay masisira nito ang biodiversity.
   a. Laban kay
   b. Laban sa
   c. Ayon kay
   d. Ayon sa
10. Piliin ang wastong pang-ukol na bubuo sa pangungusap.____ Republic Act 9147, pinapayagan ang pag-aalaga ng mga hayop para sa konsumo ng tao.
   a. Alinsunod kay
   b. Alinsunod sa
   c. Laban sa
   d. Laban kay